Revised 6-2017

285 St. Martin Avenue,
Bagumbayan, Taguig City
Tel. No.(+632) 8838-3606
E-mail Address: mmcataguig@gmail.com
mt.moriahacademy@yahoo.com

# MT. MORIAH CHRISTIAN ACADEMY, INC.

## P A U N A W A

Ayon sa Republic Act 11984 o tinaguriang **"Anti No Permit No Exam Law"**, ang mga mag-aaral na "disadvantaged" o kinakapos dahil sa mga sakuna, salot, di inaasahang pangyayari, at mga katulad na dahilan ay dapat mabigyan ng pagsusulit kahit walang "permit" o pinanghahawakan na kasulatang pahintulot.

Upang maisagawa ang pinag-uutos ng batas na ito, kailangang malaman ng pamunuan ng ating paaralan kung sino ang mga kinakapos at hindi kakayanin ang magbayad ng matrikula sa takdang panahon. Alinsunod sa batas na ito, kailangang patunayan ng mga magulang na ang kanilang anak nga ay "disadvantaged" o kinakapos sa pamamagitan ng pagpapakita ng kasulatan mula sa social welfare department ng bayan, lungsod, o lalawigan kung saan nakatira ang mag-aaral.

Hinihikayat na namin ang mga magulang na magkipag-ugnayan na sa tanggapan ng social welfare and development na nangangasiwa sa kanilang lugar upang makakuha ng kasulatan ng nagpapatunay na "disadvantaged" and kanilang anak. Igagalang ng ating paaralan ang mga kasulatan na ito na nagmula sa social welfare and development ng ating mga pamahalaan, at sisikapin ang lahat nang makakaya upang sundin ang batas.

Pinapayagan din ng batas ang mga paaralan na ipag-utos ang pagsusulat ng promissory note, at ito nga ay kailangang gawin ng magulang ng bata na hindi makapagbayad ng matrikula.

Samantalang naisabatas na ang R.A. 11984, tungkulin pa rin ng magulang o nangangalaga sa mga mag-aaral na bayaran ang matrikula. Dahil dito at ayon sa batas, maaari pa ring ipagkait ng paaralan ng mga talaan ng mag-aaral (grades, Form 137, at mga katulad na talaan) kung hindi pa lubusang bayad ang matrikula ng isang mag-aaral.

Maraming salamat sa inyong pag-unawa.

GILBERT M. BUCAL
Business Office Head / Finance Officer